



Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto
Unang Round ng Pampublikong Konsultasyon
GABAY SA KONSULTASYON
OKTUBRE 2014



1.

BASAHIN MUNA ITO

IMPORMASYON TUNGKOL DITO

Bakit isinasagawa ang Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto?

Isinasagawa ang Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto ng isang indipindiyenteng [team ng mga tagapayo o consultant](#) upang matiyak na bawat tao sa Toronto ay patas na kinakatawanan sa Toronto City Council. Sa kasalukuyan, nahahati ang Lungsod ng Toronto sa 44 na ward na may iba-ibang populasyon na nasa pagitan ng humigit-kumulang 45,000 at 94,000. Dahil sa mga salik tulad ng paglaki ng populasyon at bagong konstruksyon, ang ilan sa mga ward ng Lungsod ay mas malaki nang 30% hanggang 45% sa populasyon ng isang average na ward ng Lungsod (humigit-kumulang 59,000). Samakatuwid, bawat mamamayan ng Toronto ay hindi patas na kinakatawanan sa City Council.

Ano ang Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto?

Nagmamasid ang Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto sa laki at hugis ng mga ward ng Toronto.

Ang pangunahing pinagtutuunan ng Pagsusuri ay ang pagtiyak na ang bilang ng mga tao sa bawat ward ay katulad ng sa iba pang mga ward sa Lungsod. Isinasaalang-alang din nito ang mga salik tulad ng mga heograpikong komunidad ng interes at mga kapitbahayan o neighborhood, mga pangunahing pisikal at natural na hangganan at takbo ng populasyon.

Hindi sakop ng Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto ang mga bagay tulad ng: kung paano inoorganisa ang mga lokal na pamahalaan (hal. kung dapat bang magkaroon ng mga partido pulitikal o kung dapat bang magkaroon ng dagdag na pagkatawan sa komunidad); kung papaano bumoboto ang mga tao (hal. mga Canadian citizen lamang o lahat ng residente ng Toronto); ang kalidad ng trabahong ginagawa ng isang Konsehal; o kung paano tumatakbo ang mga kagawaran ng Lungsod.

Magpapanukala ang Pagsusuri ng mga pagbabago sa kasalukuyang hangganan ng mga ward. Ang Toronto City Council ang gagawa ng panghuling desisyon hinggil sa kung tatanggapin ba o hindi ang mga rekomendasyon at dapat magpasa ng alituntunin (by-law) upang ipatupad ang anumang bagong istruktura ng ward. Anumang mga pagbabagong mangyayari bilang resulta ng Pagsusuri ay magkakaroon ng bisa para sa lokal na halalan na magaganap sa 2018.

Tungkol sa mga Ward ng Toronto

Iba-iba ang laki, demograpikong komposisyon at populasyon ng mga ward ng Toronto. Ang mga botante sa bawat ward ay naghahalal ng isang Konsehal upang humarap sa mga lokal at panlungsod na isyu at kumatawan sa kanilang mga interes sa City Council. Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong ward dito: <http://www.drawthelines.ca/wards>

Nabuo ang kasakuyang istruktura ng ward noong 2000. Ito ay pangkalahatan nang ibinase sa 22 federal riding (mga elektoral na distrito) na sumasakop sa Toronto. Hinati ang bawat riding upang itatag ang kasalukuyang sistema ng 44 na ward.



Mga Pamantayan para sa Pagsusuri sa mga Hangganan ng Ward

May ilang pangkalahatang tinatanggap na pamantayan na isinasaalang-alang kapag nagtatakda o nag-aayos ng mga hangganan ng ward. Walang disenyo ng sistema ng ward ang lubusang makakatugon sa lahat ng ito; sa halip, ang disenyo ng ward na inirerekomenda ay ang disenyong pinakanakakatugon sa mga pamantayang ito. Isaalang-alang ang mga pamantayang ito habang sinasagutan mo ang mga katanungan sa survey.

- **Pagkatawan ayon sa Populasyon:** Sa isang matagumpay na sistema ng ward, pangkalahatan nang kakatawanan ng bawat Konsehal ang parehong bilang ng mga tao. Kalimitan itong tinutukoy bilang 'pagkakapareho ng botante' (voter parity). Kadalasan, ang mga pagkakaiba-iba sa populasyon na hanggang 25% pataas o mas mababa sa average na laki ay itinuturing na katanggap-tanggap.
- **Pagsasaalang-alang sa mga takbo ng populasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap:** Dapat isaalang-alang ng pagsusuri sa hangganan ng mga ward ang mga pagtaas o pagbaba ng populasyon sa hinaharap upang matiyak na patuloy na matutugunan ng mga ward ang pamantayan na pagkatawan ayon sa populasyon habang lumalaki ang Lungsod. Ang layunin ay ang magdisenyo ng sistema na maaaring gamitin para sa 3 halalan. Maaaring makita ang mga pagtataya sa populasyon dito: <http://www.drawthelines.ca/wards>
- **Pagsasaalang-alang sa mga natural at pisikal na hangganan:** Ang mga natural at pisikal na hangganan ay humuhubog sa kalakaran ng pamumuhay (pattern of life) sa mga lungsod, at kaya ang mga disenyo ng ward ay dapat gumana ayon sa mga katangiang ito.
- **Mga Komunidad ng Interes:** Dapat isaalang-alang ng hangganan ng mga ward ang mga kalakaran sa isang settlement, tradisyonal na kapitbahayan at pagpapangkat ng komunidad sa mga partikular na heograpikong lokasyon. Kung possible, hindi dapat masira ng hangganan ng mga ward ang isang komunidad.
- **Epektibong Pagkatawan:** Bilang ang itinuturing na sukdulang layunin ng lahat ng pagsusuri sa hangganan ng mga ward, layunin ng epektibong pagkatawan ang makamit ang patas at pantay na pagkatawan para sa mga botante sa pinakamalawak na saklaw na posible. Ang pangunahing pagsasaalang-alang ay ang pagkakapareho ng botante, ngunit isinasaalang-alang din ng epektibong pagkatawan ang iba pang mga pamantayan.

Mga halimbawa ng mga natural at pisikal na hangganan:

- Mga burol, lambak, ilog
- Mga hangganang gawa ng tao tulad ng mga highway, riles
- Mga luntiang lugar tulad ng mga parke, trail

Mga halimbawa ng mga komunidad ng interes:

- Mga kapitbahayan
- Mga Heritage Conservation District
- Mga Business Improvement Area
- Mga etno-kultural na pangkat na nakatira sa parehong lugar



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto, mangyaring bisitahin ang: www.drawthelines.ca

2. KUMPLETUHIN ANG SURVEY

Layunin ng survey na ito na tanungin ang mga residente at mga nasasangkot kung ano ang tingin nila sa kasalukuyang hangganan ng mga ward ng Toronto. Ang mga katanungan sa survey na ito ay itatanong sa 12 pampublikong pagpupulong na mangyayari sa Disyembre 2014 at Enero 2015. Maaari mo ring kumpletuhin ang survey na ito online.

Ang feedback na natatanggap mula sa mga katanungang ito ay magbibigay-alam sa pagbuo ng ilang opsyon para sa pagbalangkas sa mga award ng Toronto. Kapag nabuo na ang mga opsyon, magaganap ang pangalawang 'round' ng konsultasyon simula Mayo 2015. Sa panahong iyon, magkakaroon ng pagkakataon ang publiko at mga nasasangkot na magbigay ng feedback sa mga ipinapanukalang opsyon sa hangganan ng mga ward.

Mga Opsyon para sa Pagsusumite ng Iyong mga Sagot:

- 1) **Online:** Ilagay ang iyong mga sagot nang direkta sa pamamagitan ng online na survey www.drawthelines.ca/survey
- 2) **Ipadala ito sa:** Ilagay ang iyong mga sagot sa form na ito at ipadala ang mga ito:
 - a. Sa pamamagitan ng sulat (Para sa: Toronto Ward Boundary Review; 555 Richmond St. W, PO Box 612, Suite 402, M5V 3B1)
 - b. Sa pamamagitan ng fax (416.365.0650)
 - c. Sa pamamagitan ng email info@drawthelines.ca
- 3) **Dumalo sa isang Pampublikong Pagpupulong:** Pumunta rito para sa mga petsa at lokasyon www.drawthelines.ca/meetingdates

⇒ MAGSIMULA RITO

Nabasa ko na ang impormasyon tungkol dito.

a) Ang Iyong Ward: _____

b) Ang Iyong Konsehal _____

Hindi alam ang iyong ward o Konsehal? Pumunta sa <http://app.toronto.ca/wards/jsp/wards.jsp> at ilagay ang address mo para malaman.

1. Mayroon ka bang mga alalahanin kaugnay sa kasalukuyang hangganan ng iyong Ward?

Mayroon Wala

Kung mayroon, mangyaring ilarawan nang detalyado:



2. Ang "mga komunidad ng interes" ay mga kapitbahayan o partikular na pangkat etno-kultural na nakatira sa parehong lugar. Hinahati ba ng mga hangganan ng iyong Ward ang anumang mga komunidad ng interes?

Oo Hindi

Kung oo, alin (ang mga) ito at saan matatagpuan ang mga ito:

3. Ang mga kasalukuyang ward ng Toronto ay may iba-ibang populasyon na nasa pagitan ng humigit-kumulang 45,000 at 94,000. Ano sa tingin mo ang dapat na maging populasyon ng isang ward ng Toronto, upang maaaring katawanin ng isang Konsehal nang epektibo ang ward?

4. Sa taong 2031, inaasahang lalaki ang populasyon ng Toronto sa 3.2 milyong katao. Sa iyong opinyon, ano dapat ang maging kabuuang bilang ng mga ward para sa Toronto upang makamit ang mabuting pagkatawan?

5. May halaga ba para sa mga hangganan ng ward ng Toronto na maging katulad ng mga hangganan ng mga panlalawigan o pederal na riding (elektoral na distrito)?

Mayroon Wala

Mangyaring sabihin sa amin kung bakit:



6. Mayroon ka bang anumang iba pang mga komento tungkol sa mga hangganan ng ward ng Toronto? Mangyaring ilarawan:

Salamat sa paglalaan ng oras upang ibigay ang iyong input.

Anonymous ang survey na ito. Lahat ng komento ay magiging bahagi ng pampublikong rekord at gagamitin bilang bahagi ng proseso ng Pagsusuri sa Hangganan ng mga Ward ng Toronto. Ang anumang mga katanungan ay maaaring idirekta sa Project Manager, TWBR, Suite 402, P.O. Box 612, Toronto, Ontario o 416-365-0816 ext. 223.

3.

MANATILING KONEKTADO



Mangyaring mag-sign up dito <http://www.drawthelines.ca/mailling-list-sign-up> upang makatanggap ng buod ng mga resulta ng survey na ito, mga update sa TWBR at abiso para sa mga pagpupulong ng komunidad.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

- Bisitahin ang website: www.drawthelines.ca
- Subaybayan kami sa Twitter @drawthelinesTO
- Mag-email sa amin: info@drawthelines.ca